



Paunawa sa Pasyente ng Tulong Pinansyal

Ang Rady Children's Hospital and Health Center ay ipinagmamalaki ang hangarin nito na magbigay na de-kalidad na pangangalaga sa lahat ng may kailangan nito, di alintana ng kakayahang magbayad.

Kung wala kang insurance pangkalusugan at nag-aalala na pwedeng hindi mo mabayaran ang iyong singilin para sa iyong pangangalaga, maaari kaming tumulong. Ang RCHSD ay nagbibigay ng tulong pinansyal sa mga pasyente batay sa kanilang kita at pangangailangan. Sa pamamagitan ng aming mga serbisyo sa pagpapayo sa pananalapi, pwede ka naming tulungan na makakuha ng saklaw ng insurance o murang pangkalusugang insurance, at makipagtulungan sa iyo upang ayusin ang napapamahalaang plano sa pagbabayad, o, kung ang kita ng iyong pamilya ay mas mababa sa 550% ng Federal Poverty Level (FPL).) maaari kang maging karapat-dapat na mag-apply para sa aming Programang Tulong Pinansyal.

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa aming Financial Counseling Department sa 858-966-4005. Ang mga oras ng negosyo ay Lunes hanggang Biyernes, 7:00 am hanggang 11:30 pm, at Sabado at Linggo 7:00 am hanggang 3:30 pm. Ituturing namin ang iyong mga tanong nang may kumpidensyal at kortesia.

Pwede kang humiling ng kopya ng aming patakarán, na pinamagatang CPM 7-11, Programang Tulong Pinansyal (Mga Pagbabayad sa Diskwento at Mga Patakarán sa Pangangalaga sa Kawanggawa), mula sa Kinatawan sa Pag-access ng Pasyente.

Ang Rady Children's Charge Description Master (CDM) ay komprehensibo at may parehong iskedyul ng mga singil na pinananatili ng ospital bilang kabuuang sinisingil para sa isang serbisyo o item na pwedeng singilin sa isang pasyente, nagbabayad o iba pang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan. Ang CDM ng Rady Children ay magagamit para sa pagsusuri sa aming website sa www.rchsd.org/patients-visitors/charge-description-master/. Ang data ng kalidad ng ospital at resulta ng pag-aaral ng OSHPD at ang impormasyon ng survey ng Joint Commission ay available din para sa iyong pagsusuri kasama ng miyembro ng Patient Financial Services Department (PFS) ng ospital. Pakitawagan ang aming Customer Service Center sa 858 966-4912 para humiling ng appointment.

Mayroon ding mga lokal na sentro ng consumer na available upang tulungan kang maunawaan ang proseso ng pagsingil at pagbabayad, pati na rin ang impormasyon tungkol sa pagpapalagay na karapat-dapat ng Covered California at Medi-cal. Bisitahin ang website ng Health Consumer Alliance, <https://healthconsumer.org>, para sa karagdagang impormasyon at upang mahanap ang malapit na sentro ng county.